# Youth Guide to FPIC

(Free, Prior, and Informed Consent)

Ang **"Free, Prior and Informed Consent"** ay ang karapatan ng mga katutubo na magpasya kung tatanggapin o tatanggihan ang mga proyekto o gawain na makakaapekto sa kanilang lupa, kabuhayan, at kultura.

**FREE**

walang pilitan,
pananakit o panlilinlang

**Prior**

nauuna ang
konsultasyon bago ang
proyekto o gawain

**Informed**

kumpleto at malinaw
ang impormasyon sa
wika ng komunidad


**Consent**

may kolektibong
pagpasya, ayon
sa tradisyunal na
proseso


# Kapag May FPIC




# Kapag Walang FPIC







# Kabataan, m

1) May karapatan tayo na magtanong at alamin ang magiging epekto ng mga proyekto sa ating komunidad

2) Pwede tayong mag-dokumento ng mga meeting, magbahagi ng updates, at magturo sa kapwa nating kabataan.





# ay boses ka!

3) Mahalaga ang paggalang sa ating mga nakatatanda, pero mas nagiging matatag ang komunidad kapag lahat ng henerasyon ay may boses






# Ano ang dapat gawin kung hindi tayo konsultado?

1) I-report sa NCIP Hotlines

Landline: 8928-6247
Globe: 0927-001-1168
Smart: 0962-398-6640



2) Makipag-ugnayan sa mga lokal na organisasyon at youth network

- Sangguniang Kabataan sa inyong barangay
- Environmental o Development NGOs
- School o campus-based clubs and councils

3) Gamitin ang social media nang responsable para magpalaganap ng kaalaman

Forest Foundation Philippines

Website
forestfoundation.ph

FB & IG:
@forestfoundationph

4) Para sa karagdagang gabay tungkol sa FPIC, makipag-ugnayan sa Forest Foundation Philippines: information@foresfoundation.ph

Forest Foundation Philippines
2F Valderrama Building, 107 Esteban Street,
Legaspi Village, Makati City,
Metro Manila, Philippines 1229
Phone: (+632) 8891-0595; (+632) 8864-0287

# ATING UGAT, ATING LUPA'T KARAPATAN



Isang lathalain tungkol sa IPRA
(Indigenous Peoples' Rights Act of 1997)

Hi, Ako si Jhon, isang kabataan na tubong Quezon. Noong bata pa ako, parati akong nagtataka kung bakit parati akong sinasabihan ng mga matatanda na:

"Alamin mo ang mga karapatan mo. Protektahan mo ang lupa at kultura mo."

Tapos nalaman ko na meron palang batas na ginawa para sa atin, ang Indigenous Peoples' Rights Act of 1997, or IPRA. Ang lathalain na ito ay paraan ko para maibahagi ito sa inyo.





Diskriminasyon ang ating hinarap sa mga nagdaang taon.


Ang ating mga lupain ay kinuha, ang ating mga tradisyon ay binalewala, at ang ating mga boses ay pinatahimik.

Ang IPRA ay nilikha upang baguhin iyon—upang kilalanin na tayo, ang mga Katutubo (Indigenous Peoples, IPs), ay may mga karapatan tulad ng iba, at ang ating mga paraan ng pamumuhay ay mahalaga.



# AYON SA IPRA

Ang lupa ay hindi lamang lupa - ito ay ating tahanan, alaala, at kinabukasan. May karapatan tayo sa pamamay-ari at pangangalaga nito.





May mga sarili tayong pinuno, mga gabay at sistema, at nirerespeto ng IPRA iyon. Kaya natin pamunuan ang ating mga sarili batay sa ating mga tradisyon.

Karapatan natin ang patas at wastong pagtrato sa mga paaralan, trabahuan at pagamutan. Wala dapat diskriminasyon sa IPRA.





Ang ating mga sayaw, awitin, lenggwahe, at pamumuhay ay yaman. Pinoprotektahan ito ng IPRA para maipasa natin ito sa ibang henerasyon.

Sumali sa Cultural Activities

Alamin ang wika at kasaysayan

**Ang mga karapatan na ito ay wala rin saysay kung hindi natin siya ipagtatanggol. Bilang kabataan, dala-dala natin ang mga kwento ng ating mga nakatatanda at ang mga pangarap ng ating mga anak na darating.**

**Dapat tayong matuto, magsalita, at kumilos.**


Suportahan ang mga kampanya para sa ating lupa at karapatan

Manindigan kasama ang ibang mga kabataan




Makapangyarihan ang IPRA sa papel—ngunit marami sa ating mga komunidad ang nahaharap pa rin sa pangangamkam ng lupa, pagmimina, at mga nasirang pangako.

'Yon ang dahilan kung bakit mahalaga ang kamalayan. Iyon ang dahilan kung bakit kailangan natin ang isa't isa.



**Sa kapwa ko kabataan:**
**Tandaan - ang mga karapatang ito ay hindi lamang mga salita.**




**Ang mga ito ay mga buhay na karapatan—nag-ugat sa mga pakikibaka ng ating mga ninuno, na lumalaki sa atin ngayon.**

**Lakasan natin ang ating boses, protektahan natin ang ating mga ugat, at bumuo tayo ng kinabukasan kung saan ipinagdiriwang ang pagiging katutubo.**

# Ano ang IPRA?

Ang **Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 (IPRA)** ay isang batas sa Pilipinas (Republic Act No. 8371) na kumikilala, nagpoprotekta, at nagtataguyod ng mga karapatan ng **Indigenous Cultural Communities (ICCs)** at **Indigenous Peoples (IPs**) sa bansa.

Ito ay nilagdaan bilang batas noong Oktubre 29, 1997, at itinuturing na isa sa mga pinaka-progresibong batas para sa mga katutubo sa Asya.

**ATING UGAT, ATING LUPA'T KARAPATAN**

Forest Foundation Philippines

TROPENBOS INTERNATIONAL

Forest Foundation Philippines
2F Valderrama Building, 107 Esteban Street,
Legaspi Village, Makati City,
Metro Manila, Philippines 1229
Phone: (+632) 8891-0595; (+632) 8864-0287
Email: info@forestfoundation.ph
Website: www.forestfoundation.ph

# Ano ang IPRA?

Ang Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 (IPRA) ay isang batas sa Pilipinas (Republic Act No. 8371) na kumikilala, nagpoprotekta, at nagtataguyod ng mga karapatan ng Indigenous Cultural Communities (ICCs) at Indigenous Peoples (IPs) sa bansa.

Ito ay nilagdaan bilang batas noong Oktubre 29, 1997, at itinuturing na isa sa mga pinaka-progresibong batas para sa mga katutubo sa Asya.

## ATING UGAT, ATING LUPA'T KARAPATAN

Forest Foundation Philippines

TROPENBOS INTERNATIONAL

Forest Foundation Philippines
2F Valderrama Building, 107 Esteban Street,
Legaspi Village, Makati City,
Metro Manila, Philippines 1229
Phone: (+632) 8891-0595; (+632) 8864-0287
Email: info@forestfoundation.ph
Website: www.forestfoundation.ph

# Ano ang IPRA?

Ang **Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 (IPRA)** ay isang batas sa Pilipinas (Republic Act No. 8371) na kumikilala, nagpoproteka, at nagtataguyod ng mga karapatan ng **Indigenous Cultural Communities (ICCs)** at **Indigenous Peoples (IPs)** sa bansa.

Ito ay nilagdaan bilang batas noong Oktubre 29, 1997, at itinuturing na isa sa mga pinaka-progresibong batas para sa mga katutubo sa Asya.

ATING UGAT,
ATING LUPA'T
KARAPATAN

# Kababaihan
# Kalikasan
# Kinabukasan


Hango sa mga kwento at karanasan ng mga katutubong kababaihan na kasapi ng GLA Palawan Nanay Camps



"Nanay, bakit lagi kang sumasama sa mga pulong tungkol sa lupa at ilog? Hindi ba trabaho 'yun ng mga lalaki?"

"Anak, ang pagprotekta sa lupa at kalikasan ay trabaho nating lahat, lalo na tayong kababaihan."






"Alam mo ba, anak, ang mga halamang gamot na ito, minana ko pa sa lola mo. Kung hindi natin aalagaan ang gubat, mawawala rin ang kaalaman natin."

"Kaya pala importante na may boses ang kababaihan sa mga desisyon."



"Nanay, bakit galit ang mga tao sa kompanya?"





“Gusto nilang putulin ang kagubatan natin para sa negosyo. Pero kung mawala ‘yan, saan tayo kukuha ng pagkain at gamot?

Napakalaki ng epekto nito sa atin, kaya madami ang nagagalit.”

“Pwede rin bang magsalita ang mga babae sa pulong?”

“Oo naman, anak. Dapat lang! Marami na ngayong kababaihan ang namumuno sa kanilang komunidad na ipinaglalaban ang ating mga karapatan.”



“Sa Nanay Camp na nasalihan ko, nagkaroon ako ng pagkakataon na matuto lalo sa mga isyu at iba’t ibang gawain at programa na makatutulong sa ating komunidad”

“Nanay, gusto ko ring maging katulad mo! Gusto kong matuto kung paano ipaglaban ang ating kapaligiran at karapatan.”

“Magaling, anak. Ang bawat boses ng kababaihan ay dagdag na lakas para sa ating komunidad.”



# Bilang babae, kaya kong...

- Makilahok sa mga pulong ng barangay at konseho.
- Ibahagi ang kaalaman tungkol sa kalagayan at isyu na makakaapekto sa komunidad
- Suportahan ang kapwa kababaihan na nagtatanggol ng ating karapatan.
- Pangunahan ang gawain at adbokasiya tungo sa konserbasyon.

Forest Foundation Philippines

TROPENBOS INTERNATIONAL


Forest Foundation Philippines
2F Valderrama Building, 107 Esteban Street, Legaspi Village,
Makati City, Metro Manila, Philippines 1229
Phone: (+632) 8891-0595; (+632) 8864-0287
Email: info@forestfoundation.ph
Website: www.forestfoundation.ph

# UNFCCC

## and what it means for us



The United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC) is the world's foremost climate treaty signed in 1992.




Every year, it brings nearly 200 countries together at the Conference of the Parties (COP) to decide how to respond to climate change.

Think of it as Earth's climate council where nations negotiate, argue, and (sometimes) agree.

# MAJOR MILESTONES

**1992**

**The UNFCCC was adopted.** Its goal was to stabilize greenhouse gas emissions and prevent dangerous climate change.

**1997**

The **Kyoto Protocol** was adopted, setting the first legally binding targets for industrialized countries to reduce greenhouse gas emissions.

**2005**

Launched discussions on **Reducing Emissions from Deforestation and Forest Degradation** (REDD+), a framework that financially rewards developing countries for reducing emissions through forest conservation and sustainable forest management.

# MAJOR MILESTONES

**2015**

The **Paris Agreement** was adopted, where countries made a pact to:

- Keep global warming well below 2 degrees celsius, aiming for 1.5 degrees celsius
- Submit national climate plans (NDCs) updated every 5 years
- Increase support for vulnerable nations


**2022**

A **Loss and Damage Fund** was created to help vulnerable nations minimize and recover from unavoidable climate impacts.

**2024**

**New Collective Quantified Goal (NCQG) on Finance** tripled climate finance for developing countries ($100B → $300B annually) by 2035.

# At COP29 (2024), nearly 200 countries agreed to a new finance goal:




Triple support for developing countries from $100B → $300B annually by 2035.

Scale up total finance (public + private) to $1.3 trillion/year by 2035.



Called the **New Collective Quantified Goal on Climate Finance (NCQG)**, it's meant to protect lives and fuel the clean energy boom. But this only works if countries pay their share.

# Other Agreements during COP29




**Carbon Markets** (Article 6): Rules finalized for trading carbon credits, with human rights and Indigenous safeguards and forest financing.



**Adaptation:** The Baku Roadmap will help countries prepare National Adaptation Plans to protect communities.

# For Filipinos, the outcomes of COP 29 means:



Access to tripled climate finance for disaster resilience and renewable energy.



Potential support from the Loss and Damage Fund after typhoons and floods.




Funding for farmers to adapt to changing weather and protect food security.



Indigenous voices and gender recognized in global talks.

# What's Ahead at COP30?

Dubbed as the **"Forest COP,"** climate negotiators will gather in Brazil this November 2025 to push for **large-scale protection and restoration of tropical forests** through finance, land tenure rights, and performance-based mechanisms.



# The UNFCCC is global, but its impact is local.

As Filipinos, we need to:

📣 Advocate for climate policies and solutions.

🚲 Adopt climate-smart and resilient practices.

💡 Stay informed.

Forest Foundation Philippines
2F Valderrama Building, 107 Esteban Street, Legaspi Village,
Makati City, Metro Manila, Philippines 1229
Phone: (+632) 8891-0595; (+632) 8864-0287
Email: info@forestfoundation.ph
Website: www.forestfoundation.ph